## Sakop ng Seguro ng Deposito ng FDIC

Ang Federal Deposit Insurance Corporation (FDIC) ay isang independiyenteng ahensya ng gobyerno ng Estados Unidos na nagpoprotekta sa mga pondo na nilalagay ng mga depositor sa mga bangko at mga savings association. Ang seguro ng FDIC ay inaalalayan nang buong tiwala at kredito ng gobyerno ng Estados Unidos. Mula nang naitaguyod ang FDIC noong 1933, wala pang depositor na nawalan ng kahit isang barya ng mga pondo na nakaseguro sa FDIC.

Ang seguro ng FDIC ay sumasakop sa lahat ng mga account ng deposito, kasama ang mga checking at savings account, mga money market deposit account at mga certificate of deposit.Hindi sakop ng seguro ng FDIC ang ibang mga pinansiyal na produkto at mga serbisyo na maaaring ihandog ng mga bangko, katulad ng mga stock, mga bond, mga share ng mutual fund, mga polisa ng seguro sa buhay, mga annuity o mga security.

Ang karaniwang halaga ng seguro ay $250,000 bawat depositor, bawat nakasegurong bangko para sa bawat kategorya ng pag-aari ng account.

Nagbibigay ang FDIC ng hiwalay na sakop para sa mga deposito na nasa magkakaibang kategorya ng pag-aari ng account. Maaaring maging karapat-dapat ang mga depositor para sa higit pang sakop kung mayroon silang mga pondo sa magkakaibang mga kategorya ng pag-aari at lahat ng mga pangangailangan ng FDIC ay matugunan. (Para sa mga detalye ng mga pangangailangan, pumunta sa **www.fdic.gov/deposit/deposits.**)

Ipinapakita ng sumusunod na tsart ang mga karaniwang halaga ng seguro para sa mga kategorya ng pag-aari ng FDIC account. Ang lahat ng mga deposito na mayroon ang accountholder sa parehong kategorya ng pag-aari sa iisang bangko ay pagsasamahin at iseseguro hanggang sa karaniwang halaga ng seguro.

## Ang mga Limitasyon ng Sakop ng Seguro sa Deposito ng FDIC ▼
ayon sa kategoriya ng pag-aari ng account

**Mga Single Account** pag-aari ng isang tao
$250,000 bawat may-ari

**Mga Joint Account** pag-aari ng dalawa o higit pang mga tao
$250,000 bawat kasamang may-ari

**Mga Ilang Natukoy na Account ng Pagreretiro** kasama ang mga IRA
$250,000 bawat may-ari

**Mga Nababawing Trust Account**
$250,000 bawat may-ari bawat benepisyaryo hanggang 5 mga benepisyaryo (higit pang sakop ang makukuha para sa may 6 o higit pang mga benepisyaryo sakop ng mga partikular na tadhana at pangangailangan)

**Korporasyon, Partnership at Hindi Korporasyong mga Asosasyon na Account**
$250,000 bawat korporasyon, partnership o hindi korporasyong asosasyon

**Mga Hindi Nababawing Trust Account**
$250,000 para sa tiyak at natutukoy na interes ng bawat benepisyaryo

**Mga Planong Benepisyo ng Empleyado na mga Account**
$250,000 para sa tiyak, at natutukoy na interes ng bawat kalahok sa plano

**Mga Account ng Gobyerno**
$250,000 bawat opisyal na tagapag-ingat (higit pang sakop ang makukuha sakop ng mga partikular na tadhana)

**Upang kalkulahin ang sakop ng iyong seguro sa deposito**
Gamitin ang **E**lectronic **D**eposit **I**nsurance **E**stimator (EDIE) ng FDIC sa: **www.fdic.gov/edie**

**Para sa mga tanong tungkol sa mga hangganan ng sakop ng FDIC at mga pangangailangan**
Bumisita sa **www.FDIC.gov/deposit/deposits**, tumawag nang libre sa 1-877-ASK-FDIC, o magtanong sa kinatawan ng iyong bangko

▼ Pansinin: Mula Disyembre 31, 2010 hanggang Disyembre 31, 2012, sa lahat ng mga institusyong isineguro ng FDIC, ang mga depositong nasa mga transaction account na hindi kumikita ng interes ay magiging ganap na nakaseguro, anuman ang halaga na nasa account. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang masaklaw na lathala ng FDIC, *Your Insured Deposits*, sa www.fdic.gov/deposit/deposits.

***Mas marami kang nalalaman tungkol sa sakop ng seguro sa deposito ng FDIC, mas ligtas ang iyong pera.***

Dapat maintindihan ng mga depositor ang mga hangganan ng kanilang sakop at tiyakin na ang pinansiyal na institusyon ay isineguro ng FDIC.

Ang tanda ng FDIC, na ipinapakita sa bawat institusyon na isineguro ng FDIC, ay isang simbolo ng kumpiyansa para sa mga depositor.

Each depositor insured to at least $250,000
Temporarily increased from $100,000 to $250,000 through 12/31/2013
Backed by the full faith and credit of the United States government
FDIC
Federal Deposit Insurance Corporation-www.fdic.gov

Hindi kailangan ng mga depositor na magpalista para sa seguro ng FDIC o hilingin man lang ito; ang sakop ay awtomatiko kapag ang account ng deposito ay binuksan sa isang nakaseguro sa FDIC na bangko o sa savings association.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga patakaran at regulasyon ng sakop ng seguro ng FDIC, tingnan ang mga dulugang nakalista sa susunod na panel.

## Para sa Higit Pang Impormasyon mula sa FDIC

**Kalkulahin ang sakop sa seguro**
Gamitin ang online na Electronic Deposit Insurance Estimator ng FDIC as: **www.fdic.gov/edie**

**Magbasa ng higit pa tungkol sa segurong FDIC online**
Bumisita sa:
**www.fdic.gov/deposit/deposits**

**Tumawag nang libre**
1-877-ASK-FDIC (1-877-275-3342)

**Linya ng may kapansanan sa pandinig**
1-800-925-4618

**Ipadala ang mga tanong sa pamamagitan ng e-mail**
Gamitin ang online na Pormularyo ng Tulong sa Kostumer ng FDIC sa:
**www2.fdic.gov/starsmail**

**Ipadala ang mga tanong sa**
Federal Deposit Insurance Corporation
Attn:Deposit Insurance Outreach
550 17th Street, NW
Washington, DC 20429

Maaaring mailimbag nang buo nang **walang restriksiyon.**

FDIC-**010-2010** **(7/2010)**
**(Filipino/Tagalog)**

Isinapanahon 2011

# Buod ng Seguro ng Deposito

(Deposit Insurance Summary, o DIS)

FDIC



Federal Deposit Insurance Corporation